


HANDA KA BA SA PAGBAHA?

PAMPUBLIKONG GAWAIN NG COUNTY NG LOS ANGELES





KASAYSAYAN NG PAGBAHA SA LOS ANGELES COUNTY:

Mula noong 1975, ang Los Angeles County ay nakaranas ng labindalawang sakuna sa pagbaha na idineklara ng pederal na pamahalaan, kung saan tatlo sa mga sakunang iyon ay nangyari sa ilalim ng mga kondisyon ng El Niño (1983, 1998, 2010) at dalawa sa ilalim ng mga kondisyon ng La Niña (1988, 1995). Marami sa mga ito ay nagresulta sa matitinding pinsalang dulot ng baha sa mga residensyal na ari-arian. Noong panahon ng El Niño noong 1997-1998, halos 300 reklamo sa drainage ang naitala na may humigit-kumulang 400 claim sa insurance sa baha na inihain. Ang pagiging handa ang pinakamahusay mong depensa laban sa mga ganitong pangyayari.



MGA POSIBLENG LOKASYON NG PAGBAHA:

Natanggap mo ang gabay na ito dahil natukoy ng Federal Emergency Management Agency (FEMA) at Pampublikong Gawain ng County ng Los Angeles (Public Works) na ang isa o higit pa sa iyong mga ari-arian na maaaring bahain dahil sa:

- Pagiging matatagpuan sa o malapit sa isang Espesyal na Lugar na May Panganib sa Baha (SFHA), ayon sa Mga Mapa ng Antas ng Insurance sa Baha ng FEMA (sumangguni pahina 4).
- Pagiging natukoy bilang isang Ari-ariang Paulit-ulit na Nalulugi na may higit sa isang claim sa insurance sa baha na hindi bababa sa \$1,000 sa loob ng 10 taon.
- Pagiging matatagpuan malapit sa isang Ari-ariang Paulit-ulit na Nalulugi at malamang na maapektuhan ng kahalintulad na pagbaha.

Noon paman, nagkaroon na ng pagbaha sa Lancaster, Malibou Lake, Quartz Hill, Rowland Heights, at sa mga bundok ng San Gabriel at Santa Monica. Ang mga ari-arian sa mga lugar na ito ay malapit sa matatarik na dalisdis ng bundok kung saan mabilis na umaagos ang tubig-ulan at binabaha ang mga lugar sa gilid ng dalisdis ng burol. Ang ibang mga ari-arian ay malapit sa batis o lawa kung saan mabilis na umaagos ang tubig-ulan na nagreresulta sa pagbaha sa mga katabing lugar.

Para matukoy ang panganib ng baha sa iyong ari-arian, ang Public Works ay nagbibigay ng mga pagtukoy sa zone ng pagbaha sa pamamagitan ng hotline ng zone ng pagbaha **(626) 458-4321** at website ng pagtukoy sa zone ng pagbaha sa: **pw.lacounty.gov/floodzone/** Makukuha rin ang mga mapa ng FEMA online at sa mga pampublikong aklatan ng County.



IMPORMASYON TUNGKOL SA ZONE NG PAGBAHA:

Ipinapakita ng Mga Mapa ng Antas ng Insurance sa Baha ng FEMA ang Espesyal na Lugar na May Panganib sa Baha, na napapailalim sa base flood (base flood – may isang porsyentong posibilidad na mapantayan o malampasan sa anumang taon) at iba pang mga lugar na binabaha. Ipinapakita rin ng mga mapa ang elevation ng base flood, ang inaasahang elevation ng ibabaw ng tubig para sa base flood. Ang mga istruktura sa Espesyal na Lugar na May Panganib sa Baha na may mortgage na sinusupportahan ng pederal na pamahalaan ay nangangailangan ng insurance sa baha bilang isang kondisyon ng utang.

Ang Mga Mapa ng Antas ng Insurance sa Baha ng FEMA ay makukuha sa: msc.fema.gov.

Mga Espesyal na Lugar na May Panganib sa Baha	
ZONE A	Walang natukoy na base flood elevation.
ZONE AE	Natukoy ang mga base flood elevation.
ZONE AH	Ang mga base flood elevation ay tinutukoy para sa lalim ng baha na 1 hanggang 3 talampakan (karaniwan ay mga lugar na may ponding).
ZONE AO	Ang karaniwang lalim ay tinutukoy para sa lalim ng baha na 1 hanggang 3 talampakan (karaniwan ay sheet flow sa mga dalisdid na lupain). Tinutukoy ang bilis para sa mga lugar na may funneled sediment flooding.

Iba pang Lugar na Binabaha	
ZONE X (may shade)	Mga lugar na may 0.2% taunang tsansa ng pagbaha; mga lugar na may 1% taunang tsansa ng pagbaha na may average na lalim na mas mababa sa 1 talampakan o may mga lugar na may drainage na mas mababa sa 1 milya kuwadrado; at mga lugar na protektado ng mga dike mula sa 1% taunang tsansa ng pagbaha.
ZONE X (walang shade)	Mga lugar na natukoy na nasa labas ng 0.2% taunang tsansa ng pagbaha.
ZONE D	Mga lugar kung saan ang mga panganib ng baha ay hindi pa natutukoy, ngunit posible.

BUMILING INSURANCE SA BAHA PARA SA PROTEKSYON:

Ang Los Angeles County ay naging kalahok sa NFIP simula noong Disyembre 1980, kaya naman ang insurance sa baha ay magagamit ng lahat ng residente ng walang korporasyong lugar ng County. Maaari kang bumili ng polisiya ng insurance sa baha mula sa karamihan ng mga ahensya ng insurance.

Mahigit sa 25 porsyento ng mga paghahabol sa insurance sa baha ay nangyayari sa labas ng mga Espesyal na Lugar na May Panganib sa Baha. Bihirang saklawin ng insurance ng may-ari ng bahay ang pinsala mula sa baha. Sa karamihan ng mga kaso, ang mga may-ari ng ari-arian ay dapat bumili ng insurance sa baha upang maprotektahan laban sa pinsalang dulot ng pagbaha.

Maaari ding bumili ng insurance sa baha ang mga nangungupahan.

Ang halaga ng iyong polisiya ng insurance sa baha ay depende sa mga salik na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, uri ng ari-arian, antas ng panganib ng baha, at napiling halaga ng saklaw. Maaari ding bumili ng saklaw para sa mga nilalaman ng gusali. Ang mga sertipiko ng elevation ay maaaring magbigay ng diskwento sa iyong polisiya ng insurance sa baha. Bisitahin ang: pw.lacounty.gov/wmd/nfip/ec para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga sertipiko ng elevation.

Kontakin ang iyong ahente ng insurance para sa karagdagang impormasyon.

Tingnan din ang seksyong Mabilisang Gabay sa mga Mapagkukunan para sa mga karagdagang mapagkukunan.





ANO ANG DAPAT MONG GAWIN BAGO ANG BAHA?

- Bumili ng insurance sa baha (tandaan na mayroong 30 araw na panahon ng paghihintay bago magkabisa ang saklaw).
- Unawain at alamin ang panganib ng baha sa iyong ari-arian.
- Magsaliksik ng impormasyon tungkol sa pag-mitigate sa baha.
- Maghanda ng plano ng pagtugon sa emergency ng pamilya.
- Ihanda ang iyong bahay para sa mga baha.
- Gumawa ng mga disaster kit.
- Irehistro ang iyong numero ng cellphone at/o e-mail sa Alerta ng County ng Los Angeles sa **alert.lacounty.gov** para sa awtomatikong abiso sa mga emergency.
- Humingi ng payo tungkol sa daloy ng putik sa Public Works sa pamamagitan ng pagtawag sa **(626) 458-6164** kung ang iyong bahay ay matatagpuan sa loob ng isang watershed na kamakailan lamang nasunog.



ANO ANG DAPAT MONG GAWIN HABANG MAY BAHA?

Ang mga babala sa baha ay inilalabas sa komunidad sa pamamagitan ng Emergency Alert System (EAS) at Alerta ng County ng Los Angeles. Ang mga mensahe ng EAS ay ipinapalabas ng Departamento ng Sheriff sa pamamagitan ng mga pampublikong istasyon ng radyo at telebisyon. Gumagamit ang Alerta ng County ng Los Angeles ng Community Mass Notification System na nakikipag-ugnayan sa mga residente at negosyo sa pamamagitan ng mga ni-record na mensahe sa telepono, text message, at e-mail. Sa panahon ng baha, dapat mong gawin ang mga sumusunod:

- Makinig sa mga anunsyo sa radyo at TV tungkol sa mga emergency.
- Sundin ang mga tagubilin mula sa mga opisyal sa emergency at mga lokal na opisyal.
- Simulan ang plano ng pagtugon sa emergency ng iyong pamilya.
- Patayin ang kuryente at gas.
- Iulat ang naantalang serbisyo sa mga lokal na kumpanya ng utility.
- Lumayo sa mga daluyan ng kontrol sa baha.
- Huwag magmaneho, maglakad, o lumangoy sa umaagos na tubig.
- Iwasan ang mabababang lugar; humanap ng kanlungan sa pinakamataas na lugar hangga't maaari.
- Kung ikaw ay nasa panganib, tumawag sa 911 para sa tulong.



ANO ANG DAPAT MONG GAWIN PAGKATAPOS NG BAHA?

- Makinig sa radyo at TV para sa mga tagubilin sa emergency.
- Tawagan ang mga kumpanya ng utility upang maibalik ang serbisyo.
- Itapon ang mga supply na kontaminado ng baha.
- Pakuluan ang tubig mula sa gripo hanggang sa magpahiwatig ang mga lokal na opisyal na ligtas na itong inumin.
- Iwasan ang mga lugar na may sakuna.
- Lumayo sa mga kagamitang elektrikal sa mga basang lugar.
- Iwasan ang pagmamaneho kung maaari.
- Huwag gumamit ng mga aparatong may bukas na apoy.
- Kumuha ng permit para sa pagkukumpuni ng pinsala sa ari-arian.
- Kumuha ng mga lisensyado at naka-insure na kontratista.
- Iulat ang anumang pinaghihinalaang paglabag sa permit.

MGA HAKBANG PARA SA PROTEKSYON SA BAHANG SA IYONG ARI-ARIAN:

- langat ang istraktura sa ibabaw ng tubig-baha.
- Gawing hindi tinatablan ng baha ang istraktura upang limitahan ang pagpasok ng tubig.
- Ilihis ang tubig-baha gamit ang mga pansamantalang aparato (hal. mga sandbag, na makukuha sa mga istasyon ng bumbero ng County; punuin ang mga sandbag ng native na lupa o bumili ng buhangin sa mga lokal na tindahan ng mga kagamitan sa pagpapabuti ng bahay).
- Linisin ang mga daanan ng paagusan sa iyong ari-arian.
- lulat ang ilegal na pagtatapon ng basura at mga bara sa mga daluyan ng tubig sa pamamagitan ng pagtawag sa **(888) CLEANLA**.
- Selyuhan ang mga pinto at bintana.
- Ilipat ang mahahalagang gamit at muwebles sa mas mataas na bahagi ng bahay.
- Magkabit ng mga permanenteng aparato sa paagusan (hal., mga french drain).
- Kontrolin ang erosyon sa pamamagitan ng pagtatanim, pagpapatag, at mga paagusan.



PAGSUNOD SA KODIGO PARA SA MGA PAGPAPABUTI AT PAG-AAYOS:

Ang malalaking pagpapabuti ay binibigyang kahulugan bilang mga pagpapahusay na nagkakahalaga ng hindi bababa sa 50 porsyento ng halaga ng istruktura sa merkado bago gawin ang pagpapabuti. Ang malaking pinsala ay binibigyang kahulugan bilang pinsala sa isang istruktura kung saan ang gastos sa pagpapanumbalik nito sa dating kondisyon ay magkakahalaga ng hindi bababa sa 50 porsyento ng halaga nito sa merkado bago ang pinsala.

Ang mga istrukturang natukoy na lubhang napinsala ay awtomatikong maituturing na malaking pagpapabuti. Dapat matugunan ng mga proyektong may kinalaman sa malalaking pagpapabuti ang mga naaangkop na kinakailangan ng NFIP para sa mga bagong gusali, tulad ng pagtataas ng istruktura mula sa tubig-baha.



MGA KAPAKI-PAKINABANG NA TUNGKULIN NG MGA KAPATAGAN NG BAHA:

Ang mga kapatagan ng baha ay isang natural na bahagi ng kapaligiran ng Los Angeles County. Kapag kumakalat ang baha sa buong kapatagan ng baha, nawawala ang enerhiya nito. Nagresulta ito sa mas mababang daloy ng baha paibaba, nabawasang erosyon ng pampang at kanal ng ilog, pagdedeposito ng mga sediment sa mas mataas na bahagi ng watershed, at pinabuting recharge ng tubig sa lupa.

Ang mga kapatagan ng baha ay magagandang tanawin, pinahalagahang tirahan ng mga hayop, at umaangkop sa natural na kapaligiran. Ang hindi maayos na pagpapalano ng pagpapaunlad sa mga kapatagan ng baha ay maaaring humantong sa erosyon sa pampang, pagkawala ng mahahalagang ari-arian, pagtaas ng panganib ng pagbaha sa mga ari-arian sa ibaba, pagbaba ng kalidad ng tubig at pagbaba ng kalidad ng buhay.

Ang pagprotekta sa mga likas na tungkulin ng mga kapatagan ng baha ay makakatulong na mabawasan ang pinsala mula sa baha at mapalawig ang likas na yaman sa mga darating na taon.





MGA PUBLIKASYONG MAAARING MAKUHA TUNGKOL SA PROTEKSYON SA BAHANG SA MGA ITINALAGANG AKLATAN NG COUNTY


Bisitahin ang mga aklatan ng County o ang website ng Public Works Pambansang Programa ng Seguro sa Baha (NFIP) upang suriin ang mga dokumento sa ibaba.

Tingnan ang sumusunod na seksyon ng Mabilisang Gabay sa mga Mapagkukunan para sa mga web address ng aklatan at iba pang kaugnay na impormasyon.

- Ang mga Mapa ng Rate ng Insurance sa Baha ng FEMA ay makikita sa: **[msc.fema.gov](https://www.msc.fema.gov)**.
- FEMA-15 (12/81) *Gabay sa Disenyo para sa Pagbawas ng Baha sa Paagusan.*
- FEMA-54 (3/84) *Mga Nakataas na Istrukturang Tirahan.*
- FEMA-85 (11/09) *Pagprotekta sa mga Ginawang Bahay Laban sa Baha at Iba Pang Panganib.*
- FEMA-100 (3/86) *Isang Pinag-isang Pambansang Programa para sa Pamamahala ng mga Lugar na May Baha.*
- FEMA-165 (5/89) *Mga Panganib at Pamamahala ng mga Alluvial Fan.*
- FEMA-F-084 (3/11) *Mga Sagot sa mga Tanong Tungkol sa Pambansang Programa ng Seguro sa Baha.*
- FEMA-309 (1996) *Pagtugon sa mga Problema sa Baha ng Iyong Komunidad.*
- FEMA-312 (6/14) *Gabay ng May-ari ng Bahay sa Pagre-retrofit.*

MGA PUBLIKASYONG MAAARING MAKUHA TUNGKOL SA PROTEKSYON SA BAHA SA MGA ITINALAGANG AKLATAN NG COUNTY (IPAGPAPATULUY)

- Maaaring i-download ang mga karagdagang mapagkukunan ng FEMA sa [fema.gov/library](https://www.fema.gov/library)
- Gabay ng May-ari ng Bahay para sa Pagkontrol sa Baha, Mga Debris, at Erosyon (makukuha sa [pw.lacounty.gov/wmd/HomeOwners/](https://www.lacounty.gov/wmd/HomeOwners/)).
- Maging Handa sa Baha, inilathala ng Public Works.
- Gabay ng May-ari ng Bahay sa Kaligtasan sa Sunog at Watershed sa Chaparral/Urban Interface, (ng U.S. Forest Service, ng U.S. Department of Agriculture, at ng County of Los Angeles Fire Department).
- Plano sa Pamamahala ng Kapatagan ng Baha ng Public Works (pinagtibay ng Lupon ng mga Superbisor ng LA County noong Hunyo 15, 2021).
- Asosasyon sa Pamamahala ng Kapatagan ng Baha (mga dokumento at sanggunian sa floodplain.org/page/Docs-Links).
- Para sa mga buwanang tip at payo tungkol sa kaligtasan sa panahon ng emergency para sa lahat ng kinikilalang lokal na panganib, bisitahin ang Emergency Survival Program (ESP) ng County sa [ready.lacounty.gov/emergency-survival-guide](https://www.ready.lacounty.gov/emergency-survival-guide).



MABILIS NA GABAY SA MGA MAPAGKUKUNAN:

Makukuha ang Impormasyon sa Proteksyon Laban sa Baha sa mga Aklatang ito:

Castaic Aklatan
27971 Sloan Rd
Castaic, CA 91384
(661) 257-7410

Topanga Aklatan
122 N. Topanga Canyon Blvd.
Topanga, CA 90290
(310) 455-3480

Altadena Aklatan
600 East Mariposa Street
Altadena, CA 91001
(626) 798-0833

Malibu Aklatan
23519 W. Civic Center Way
Malibu, CA 90265
(310) 456-6438

San Dimas Aklatan
145 N. Walnut Ave
San Dimas, CA 91773
(909) 599-6738

Duarte Aklatan
1301 Buena Vista St.
Duarte, CA 91010
(626) 358-1865

Rosemead Aklatan
8800 Valley Blvd.
Rosemead, CA 91770
(626) 573-5220

Para sa na-update na listahan ng mga karagdagang aklatan, pakitingnan ang website sa pw.lacounty.gov/nfip/libraries.pdf

Mga Website ng Mapagkukunan:

Website ng NFIP ng Public Works
pw.lacounty.gov/wmd/nfip/

Pinagsama-samang Pagsisikap sa Pagbangon ng Ahensya (CARE)
lacounty.gov/larain

Tanggapan ng Punong Ehekutibo
Emergency Survival Program (ESP)
ceo.lacounty.gov/emergency-management

Alerta ng County ng Los Angeles
alert.lacounty.gov

Form at mga Tagubilin para sa Sertipiko ng Elevation ng FEMA
fema.gov/fact-sheet/understanding-elevation-certificates

Mga Mapa ng FIRM ng FEMA
msc.fema.gov

Website ng NFIP ng FEMA
fema.gov

Ang National Insurance Program
fema.gov/national-flood-insurance-program

Mga Kontratista ng Estado
Lisensya Lupon
cslb.ca.gov

Kampanya sa Kahandaan
ready.gov

Tulong sa Sakuna
disasterassistance.gov

MABILIS NA GABAY SA MGA MAPAGKUKUNAN:

Mga Numero ng Telepono:

Hotline ng Public Works para sa Zone ng Pagbaha	(626) 458-4321
Dibisyon ng Gusali at Kaligtasan ng Public Works	(626) 458-3173
Payo tungkol sa Daloy ng Putik ng Public Works	(626) 458-6164
Hotline ng Public Works para sa Illegal na Pagtatapon	(888) CLEANLA
Pambansang Programa ng Seguro sa Baha (NFIP)	(800) 621-FEMA
Emergency Survival Program (ESP)	(323) 980-2260
Sentro ng Tawag para sa mga Referral ng NFIP	(888) 379-9531
Impormasyon ukol sa mga Kontratista at Lisensya ng Estado	(800) 321-2752

Ang impormasyong ito ay ibinibigay ng Los Angeles County at naaangkop lamang sa mga ari-arian sa loob ng saklaw ng County. Ang gabay na ito ay inihanda upang turuan ka tungkol sa mga panganib ng baha at mga bagay na maaari mong gawin upang protektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya, at ang iyong ari-arian mula sa mga baha.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Pambansang Programa ng Seguro sa Baha (NFIP) ng County, Programang Pangkaligtasan sa Emergency at iba pang website para sa pinagsama-samang pagsisikap sa pagbangon ng ahensya.



Los Angeles County Public Works
Alhambra, CA 91803-1331



Para sa mga karagdagang
mapagkukunan paki-scan ang
QR code.